

Keynote Address
KPD National Conference
21 August 2000

Time to Reverse Gear, Time to Revive Economic Nationalism, Time to Heal the Nation

Hon. Wigberto E. Tañada
Representative
Fourth Congressional District of Quezon Province

and

President
Philippine Rural Reconstruction Movement

Time to Reverse Gear, Time to Revive Economic Nationalism, Time to Heal the Nation

Hon. Wigberto E. Tañada
Representative
Fourth Congressional District of Quezon Province

and

President
Philippine Rural Reconstruction Movement



Time to Reverse Gear, Time to Revive Economic Nationalism, Time to Heal the Nation



MY FRIENDS,

3

These are difficult times for many Filipinos.

The peso is plunging. Oil price hikes and that of other commodities appear unstoppable. Joblessness is widespread. Mass poverty and environmental degradation are worsening, symbolized by the recent tragedy of the garbage village of Payatas.

Despite pronouncements to the contrary, the economic prospects for the nation remain bleak. Merrill Lynch, in its advisory on the Philippines for July, reported that the three main engines of growth in 1999 – agriculture, exports and government spending – are no longer as robust this year. Moreover, the leading indication of economic activity –

imports, industrial output and bank lending – are all stalling. Our economy, which still has to recover from the 1997 Asian financial crisis, is once again slowing down.

All of this is happening against the backdrop of the continuing conflict in Mindanao. The conflict is reopening old wounds and creating new ones. It is dividing Mindanao and the rest of the nation along ethnic and religious lines. It is providing the military and the militarists in government an opportunity to revive warlordism through the resurrection of the CAFGUs.

Sa ganitong kalagayan, saan patungo ang ating bansa? Sa larangan ng ekonomiya, ano ang dapat gawin?

Time to reverse economic gears

My direct and unequivocal answer is: we have to reverse economic policy gears and revive economic nationalism.

The present crisis and the performance of our industry and agriculture during the last six years have only validated, sadly, our original criticism about the Philippine decision to join the World Trade Organization and liberalize the economy wholesale without any national readiness program. With the exception of the electronics industry, all other industries – beverage, textile, garments, wood and wood products, furniture and fixtures, chemicals and chemical products, rubber products, non-metallic mineral products, basic metals, mining, and so on and so forth – are collapsing. In agriculture, with the exception of banana, pineapple, palm oil and cut flowers, all other agricultural industries – sugar, coconut, tobacco, garlic, onion, poultry, livestock, and so on -- are also collapsing.

The most recent labor force statistics bear out some of our findings. Unemployment is now at a historic high of 13.9 percent, the highest in a decade and affecting some 4.6 million Filipinos. Underemployment is also at a historic high of 25.1 percent, the highest since the labor force survey series started in the 1950s. There are around 7 million Filipinos underemployed. Our unemployment and underemployment rates are surpassed only by Indonesia.



A closer analysis of the recent labor force statistics reveals very telling features of the economy today.

First, agricultural employment shrank from 12.1 million in April last year to 10.5 million in April this year. This is a 1.5 million decline, which suggests that employment and income opportunities in the countryside are extremely limited despite the end of the so-called El Niño phenomenon. This is also in sharp contrast to the original projection by the pro-WTO consultants, who said that Philippine membership in the WTO would lead to the creation of half a million new jobs and additional PhP 60 billion gross value added in agriculture each year.

Second, industrial employment also shrank, by about 100,000. The share of manufacturing in total employment is only 9.7 percent, whereas 40 years ago, in the early 1960s, it was already 11 to 12 percent. In short, we are *not* industrializing compared, for example, to Malaysia, which had less than 10 percent industrial employment 40 years ago and which has now around 25 percent of the employed in industry. Like agriculture, our industrial sector is stagnating, with the exception of the electronics sub-sector. But the IT or information technology industry, as we all know, is only a small part of the economy and the entire labor force.

What is really expanding by leaps and bounds is the service sector, which now accounts for 46.5 percent of the employed. But in this sector, the fastest growing part is the informal sector. They include the scavengers of Payatas, who eke out a daily living doing the most precarious and dangerous jobs just to survive.

On the other hand, the formal part of the service sector continues to thrive despite the sluggish industrial and agricultural sectors, mainly because of the remittances of overseas Filipino workers. The OFWs, now numbering over 5 million, are indeed the saviours of the economy and, of course, of the shopping malls of Henry Sy, John Gokongwei and the Gaisanos.

We cannot allow these employment and economic trends to continue in the 21st century. We need to reverse economy policy gears. We need to tell NEDA, the Department of Trade and Industry and the Department of Agriculture that the country's salvation lies not in the mindless



liberalization of the economy but in getting the nation, the Filipino people, united in support of Philippine industrialization and agricultural development. We need to get ourselves organized.

Need for a nationalist consciousness

Ano ang aking ibig sabihin?

Kung kayang patakbuhin ng mga Pilipino ang mga barko ng daigdig, ang mga oil rigs sa Milldle East, ang mga ospital sa Amerika at Europa at ang mga electronics factories sa Malaysia at Singapore, kaya nating itaas sa mas mataas na antas ng kaunlaran ang ating sariling ekonomiya at lipunan. Kaya nating humabok sapagkat may sapat tayong talento at talino. At kaya nating kumarera sa pinakamagaling sa daigdig, kung tayo ay magkakaisa sa ating pambansang tunguhin.

If we can get our act together as a nation, as a society, we can still catch up and even excel in the world.

Pero mangyayari lamang ito kung may pagkakaisa tayo sa pananaw. Ang tinutukoy ko ay ang pagkakaisa sa isang pananaw na makabayan.



Ang isang malaking trahedyang ating bansa ay biktima pa rin tayo ng kolonyal na mga ideya. Kung mag-isip tayo ay hati-hati, pamipamilya. Banda uno, banda dos. Bihiro ang nag-iisip na unahin ang komunidad, ang pambansang kagalingan.

6

Nariyan din ang kaisipang kolonyal sa negosyo at industriya. Basta't imported, magaling. Kapag local, mahina. Sa kasamaang palad, ang ganitong pananaw ay pinalala ng mga patakaran pumapabor sa trade liberalization. Kaya bumabaha sa ating palengke ang dayuhang kalakal habang namamatay ang mga local na industriya katulad ng poultry, piggery, textile, shoes, steel, coconut oil at iba pa.

Gayunpaman, hindi natin maitatangi na nasa gitna na tayo ng globalisasyon. Hindi puwedeng ibalik ang dating panahon. Bukas na ang ikonomiya ng bansa at gayon din ng ibang bansa.

Ang dapat gawin natin ay manawagan tayo sa ating mga kapwa Pilipino na ito ang panahon para magtangkilikan tayo sa isa't isa. Bakit ba pinapahirapan ng Australia ang ating mga produktong pumasok sa kanilang bansa? Ito ay dahil may malaking programa sila doon na kung tawagin ay "Buy from Australia Movement." Ganyan din ang ginagawa sa Brazil at lalo na sa People's Republic of China.

Ang pagtangkilik sa sariling atin ay dapat sabayan ng kampanya para itaas ang kalidad ng ating mga produkto at ibaba hangga't maaari ang presyo nito. Ang ibig sabihin nito ay dagdag na pagsasanay, dagdag na kaalaman sa technology at dagdag na R & D, kasama na ang dagdag na husay sa disenyo. Kung minsan mas mahusay ang produktong Pinoy pero hindi mabili dahil mahina ang packaging at design.

At sabihin pa, kailangan natin ang isang bagong kultura sa pulitika at ekonomiya na iginigiit ang pagiging Pilipino at makabansa. Kamakailan lamang, pinutol ng Tsina ang isang programa ng World Bank ukol sa rural development sapagkat maraming policy conditionalities na hinihingi ang World Bank, kasama na ang paglulusaw nang mabilisang ng mga state-owned enterprises. Ang sabi ng Tsina sa World Bank, salamat pero di na naming kailangan ang inyong tulong. Ganoon lang. Sapagkat ang gusto ng Tsina, aalisin ang mga state-owned enterprises para sumabay sa kumpetisyon at globalisasyon pero sa isang proseso na maingat. Pinaghahandaan. Inaayos ang trabaho ng mga matatanggal. Hindi bigla-bigla gaya nang nangyari sa Rusya at sa Pilipinas noong 1980s, sa krisis sa panahon ni Marcos. Sa maikling salita, sang-ayon sa interes ng Tsina, ng industriya Tsina at trabahong Tsina.

Bakit hindi natin magawa ito sa Pilipinas? Kulang tayo sa nasionalismo, kulang tayo sa pagkakaisa sa pambansang pananaw.

Kaya ang hamon sa atin ay paano natin maibabalik at mapalalago ang makabansang pananaw sa panahon ng globalisasyon.

Sa aking pagsusuri, ang sagot dito ay magtayo ng isang bagong makabayang kilusan para itaguyod ang ganitong pananaw. Kailangan natin ang mga bagong Claro M. recto, mga bagong Jose Diokno, mga Lorenzo TaHada at Renato Constantino na maggigiit ng nasionalismo sa lahat ng aspeto ng buhay ng bansa.



Kailangan nating ibalik ang dating pananalig sa kakayahan ng negosyo at industriyang Pilipino. Kailangan natin ang isang bagong kilusan para magkaroon ng isang bagong uri ng tangkilikan.

On the Mindanao conflict

Tungkol naman sa giyera a Mindanao, ang aking posisyon, labis-labis na ang dugong dumanak sa Mindanao. Labis-labis na ang hidwaan at patayan ng kapwa Pilipino.

Hindi madaling magpanukala ng solusyon sa giyera sa Mindanao.

Subalit naniniwala ako na ang susi pa rin sa kalutasan ng giyera ay ang mapayapang pag-uusap ng lahat ng partido sa gusot at ang mabilang pagpapaunlad ng kabuhayan sa Mindanao, lalo na sa lugar ng mga Muslim nating kapatid.

Ngunit ang mapayapang pag-uusap ay hindi mangyayari kung hindi babaguhin ng pamahalaan ang all-out war policy nito pabor sa isang all-out peace policy. Hindi mangyayari ang mapayapang pag-uusap kung hindi lilikha ng mga kondisyon ditto. Kailangang walang bounty offers, walang pananakot sa pag-didisarma, walang limitasyon sa maaaring pag-usapan sa mga substantive issues sa peace talks. Mahalaga rin na ang mga obispo at ulama, kasama na ang mga NGOs at peace-oriented organizations, ay bigyan ng pamahalaan ng lugar sa peace talks bilang tulay ng pag-uusap ng magkabilang panig. At hayaan ang tulay na ito na maging tulay ng pag-uunawaan.

Hinggil naman sa mabilisang pagpapabuti ng kabuhayan sa Muslim Mindanao, ito ay nararapat lamang, bilang tugon sa mga dekada ng kapabayaan ng pamahalaan. Ito ay magagawa nang hindi gumagamit ng emergency powers. Ang kailangan ay maliwanag munang development program, kasama na rito ang pagrespeto sa mga lehitimong kahilingan ng masang muslim at Lumad tulad ng paggalang sa kanilang ancestral domain, paglikha ng paaralan sa maraming lugar, pagpapabuti ng imparaistruktura sa agrikultura at pangingisda at marami pang iba. Kung kinakailangan, dapat magkaroon ng pambansang mobilisasyon para sa pagtulong sa Mindanao, lalo na ng mga propesyonal na tubo sa Mindanao.



My dear friends, today, what we need is to heal festering wounds, not to create fresh ones. What we need is more economic nationalism, not less of it. What our nation needs is a break from market and corporate-oriented globalization, not wanton liberalization, privatization and deregulation.

Bago ako magtapos, hayaan ninyong saluduhan ko ang Kilusan ng Pembansang Demokrasya, sampa ang liderato at mga kasapi nito sa makatao at makabayan nitong mga adhikain at gawain. Magkasama tayo sa napakaraming mga isyung kinakaharap ng ating bayan. Inaasahan ko na magkakasama pa rin tayo at magtutulungan upang ipaglaban ang ineres ng nakararaming Pilipino sa mga darating na panahon. Inaasahan kong magkatuwang pa rin tayo sa pagsulong ng isang makabayang kilusan at kamulatang magbubuklod sa ating sambayanan.

Mabuhay ang KPD! Maraming salamat sa inyong lahat!

